Ang mga Nangungupahan ay Maaaring Mag-aplay para sa Tulong ng FEMA

Release Date: October 5, 2020

PENSACOLA, Fla. – Ang mga nangungupahan sa Bay, Escambia, Okaloosa, Santa Rosa at mga lalawigan ng Walton na ang mga bahay at ari-arian ay nasira ng Hurricane Sally ay maaaring mag-aplay para sa pederal na tulong sa kalamidad.

Ang FEMA Individual Assistance o Indibidwal na Tulong ay magagamit ng mga nangungupahan, kabilang ang mga mag-aaral, pati na rin ang mga nagmamay-ari ng bahay. Ang mga pampederal na gawad ay maaaring makatulong sa pagbayad ng pansamantalang pabahay. Ang paunang gawad sa pag-upa ay para sa isang 60-araw na panahon at maaaring suriin para sa karagdagang tulong. Ang deadline sa pagpaparehistro ay Dis. 1, 2020.

Maaari ring maging kwalipikado ang mga nangungupahan para sa isang gawad sa ilalim Other Needs Assistance Program o Programa Para sa Tulong sa Iba Pang Mga Pangangailangan ng FEMA para sa mahahalagang personal na pag-aari at iba pang mga gastos kaugnay ng sakuna. Maaaring kabilang dito ang:

- Pagpalit o pag-ayos ng mahahalagang personal na pag-aari, tulad ng kasangkapan, kagamitan sa bahay, damit, mga aklat o gamit sa paaralan
- Pagpalit o pag-ayos ng mga kasangkapan at iba pang kagamitang nauugnay sa trabaho na kinakailangan ng nagtatrabaho sa sarili
- Pangunahing sasakyan
- Mga bayarin sa medikal at ngipin

Ang mga nakaligtas sa mga lalawigan ng Bay, Escambia, Okaloosa, Santa Rosa at Walton ay maaaring magparehistro sa FEMA sa mga sumusunod na paraan:

- Bumisita sa DisasterAssistance.gov
- I-download ang FEMA App

- Tumawag sa **800-621-3362 (800-462-7585 TTY).** Mayroong mga operator para sa iba't ibang wika. Ang mga walang-bayad na numero ay bukas araw-araw mula 7 ng umaga hanggang 10 ng gabi lokal na oras. Ang mga gumagamit ng isang serbisyong relay tulad ng isang videophone, InnoCaption o CapTel ay dapat na ibigay sa FEMA ang kanilang tukoy na numero ng telepono na nakatalaga sa serbisyong iyon.
- Bumisita sa isang Mobile Registration Intake Center

Nag-aalok ang U.S. Small Business Administration (SBA) ng mga may mababang interes na pautang sa sakuna upang matulungan ang mga nangungupahan sa Florida na ayusin o mapalitan ang personal na pag-aari na nasira ng sakuna, kabilang ang mga sasakyan. Ang mga nangungupahan ay maaaring maging karapat-dapat para sa hanggang $40,000, depende sa kanilang pagkawalan. Ang deadline ng aplikasyon ay Dis. 1, 2020.

Ang mga aplikante ay maaaring mag-aplay online gamit ang ligtas na website ng SBA sa https://DisasterLoanAssistance.sba.gov/. O maaari nilang i-email ang FOCE-Help@SBA.gov para sa karagdagang impormasyon tungkol sa tulong sa sakuna ng SBA. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pautang sa sakuna ng SBA, ang proseso ng aplikasyon sa pautang, o para sa tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon ng SBA, bisitahin ang ligtas na website ng SBA sa https://DisasterLoanAssistance.sba.gov/.

Maaari ring tawagan ng mga aplikante ang Customer Service Center ng SBA sa **800-659-2955** o email disastercustomerservice@sba.gov para sa karagdagang impormasyon tungkol sa tulong sa sakuna ng SBA. Ang mga indibidwal na bingi o hirap sa pandinig ay maaaring tumawag sa **800-877-8339**.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbawi sa Hurricane Sally sa Florida, bisitahin ang webpage sa sakuna ng FEMA sa https://www.fema.gov/disaster/4564.